Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## Bukas na ngayon ang mga applications para sa Explore Brampton Youth Pass

BRAMPTON, ON (Marso 27, 2023) - Tuklasin ang Brampton at maging aktibo sa summer na ito sa Explore Brampton Youth Pass.

Nag-aalok ang Lungsod ng Brampton ng hanggang 2,000 Explore Brampton Youth Passes para sa mga residente ng Brampton na edad 12-16 taong gulang. Ang mga may-ari ng pass ay libreng pamasahe sa Brampton Transit at magkamit ng libreng access sa piling mga drop-in na programa ng Brampton Recreation, kabilang ang swimming, skating at piling sports.

Ang form ng aplikasyon para sa Explore Brampton Youth Pass ay bukas sa araw na ito. Ang mga pass ay balido sa mga buwan ng summer mula Hulyo 1 hanggang Setyembre 4, 2023.

Sa 2022, sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ang pilot na proyekto na may layuning dagdagan ang access at mga oportunidad para sa kabataan sa buong lungsod. Higit sa 1,200 aplikasyon ang inaprubahan na may nangungunang tatlong mga drop-in na programa ng paglilibang na fitness, swimming at basketball.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Explore Brampton Youth Pass at para mag-aplay i-click dito.

Ang Lungsod ng Brampton ay kinilala para sa napakagaling na commitment nito para sa mga oportunidad ng paglago at pag-unlad para sa kabataa, na nakatanggap ng designasyon na Platinum Status Youth Friendly Community mula sa Play Works, isang programa na suportado ng Parks and Recreation Ontario, tatlong beses sa nakalipas na mga taon.

**Mga Quote**

"Ang programang ito ay tungkol sa pagdadagdag ng access at mga oportunidad para sa mga kabataan sa ating komunidad, lumilikha ng nakakalusog, masaya at maunlad na lungsod. Alam natin na ang pagtayo ng aktibong mga network sa transportasyon at pagtibag sa mga balakid para mapayagan ang access sa sports at recreation ay nakakatulong sa paglikha ng mga habit at pagbuo ng mga koneksyon na magkakaroon ng tumatagal na epekto sa mga buhay ng mga kabataan."

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ang paglikha ng ligtas at nakakalusog na komunidad ay nangangailangan ng commitment sa naaakses na programa, at ang Explore Brampton Youth Pass ay sumusuporta sa commitment na ito. May napakaraming maibibigay ang Lungsod sa ating mga Recreation Centre. Ang lahat ng sulok ng Brampton ay buhay sa oportunidad, iyan man ay pagkakahanap ng bagong team, swimming, skating, hiking o pagbibisikleta. Mayroon din tayong kamangha-manghang network ng transportasyon na patuloy nating pinapasulong, kumukonekta sa ating komunidad at nag-aalok ng posibilidad."

- *Rowena Santos, Regional Councillor, Wards 1 & 5; Chair, Community Service*s

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca